
# MAY PANGAKO MULA SA DAGAT

SH
207
E3
#3
c.2



SH
207
E 37 4
C, 2

Ang layunin ng Proyekto sa Pamamahala sa mga Kayamanang-Baybayin (Coastal Resources Management Project/CRMP) ay upang dagdagan ang umiiral na mga kakayanan sa loob ng rehiyon ng Asosyasyon ng mga Bansa sa Timog-Silangang Asya (Association of Southeast Asian Nations/ASEAN) upang isulong at ipatupad ang mga pamamaraang ukol sa pamamahala sa mga kayamanang-baybayin--mga pamamaraang malawakan, nakapag-papanatili ng kapaligiran at binubuo ng maraming aspeto.

Ang layuning ito ay papangyarihin sa pamamagitan ng: pagsusuri, pagdo-dokumento at pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa mga tunguhin ng pagsulong sa pamamahala sa mga kayamanang-baybayin; pagtataas ng kamalayan sa kahalagahan ng mga patakaran sa pamamahala sa mga kayamanang ito; pagkilala at pagpapalakas sa umiiral na mga kakayanan sa pamamahala; paglalaan ng mga solusyong teknikal sa mga alitan sa paggamit ng mga kayamanang-baybayin; pagtataguyod ng mga kaayusang institusyonal na nagdudulot ng multisektoral na pagpaplano.

Ang CRMP na tinutustusan ng Ahensiya ng Estados Unidos para sa Internasyunal na Kaunlaran (United States Agency for International Development/USAID), ay ipinatutupad ng Internasyunal na Sentro ng Pamamahala sa mga Nabubuhay na Kayamanang-Tubig (International Center for Living Aquatic Resources Management/ICLARM). Ang CRMP ay may komite na binubuo ng mga kinatawan ng mga bansa sa ASEAN. Ang komite ang nagtatatag ng pangkalahatang direksiyon ng mga patakaran at aktibidad ng proyekto.

Ang CRMP ay may dalawang bahagi: (1) pagpapasulong ng mga plano sa pamamahala sa mga kayamanang-baybayin sa mga partikular na lugar sa bawat bansa ng ASEAN--binubuo ng pagsusuri, may-kooperasyong pananaliksik at mga gawaing pagpaplano; at (2) pagpapalaganap ng impormasyon at pagpapaunlad ng puwersang-tao sa pamamagitan ng publikasyon; gawaing pagsasanay; at teknikal na mga pulong at seminar.

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa CRMP, sumulat sa Project Coordinator, ASEAN-US CRMP, ICLARM, MC P.O. Box 1501, Makati, Metro Manila, Philippines. Tel. 818-0466; 818-9283; 817-5255.**

Ang *May Pangako ang Dagat* ay pang-apat sa pang-edukasyong serye na naglalayong marating ang mga pamayana't indibidwal na tuwirang apektado at nakaaapekto sa anumang gawain, pagbabago o patakarang may kaugnayan sa paggamit, pagpapaunlad at pamamahala sa mga kayamanang-baybayin. Ang serye ay binubuo ng mga libreto, komiks at poster.

Iskrip at ilustrasyon ni Lourdes Morales-Cabrera.


National Economic Development Authority - Region I
Philippine Council for Aquatic and Marine Research and Development
International Center for Living Aquatic Resources Management on behalf of the Association of Southeast Asian Nations-United States Coastal Resources Management Project


ASEAN/US CRMP Education Series 4


7192


Library
1000013147

#29






PERO PAANO? KAHIT MAGTAGAL PA AKO DITO SA DAGAT AY KAKAUNTI PA RIN ANG HULI. IYONG MGA GUMAGAMIT NG DINAMITA AY SIGURADONG MARAMING HULI SA MAIKLING PANAHON.
BLAM!
SA APLAYA...
KAKAUNTI ANG HULI MO? KONTI RIN ANG MAIBEBENTA KO. 'YONG MATITIRA AY IUULAM NA LANG NATIN.
DINARAMDAM KO. SIGURO BUKAS AY MAKAKABAWI AKO.
PUWEDE NA RIN ITO. BASTA MAY PAGKAIN TAYO NGAYON.
HALIKA NA. GUSTO KONG HUMIGOP NG MAINIT NA KAPE.
SA BARYO SAN PASCUAL AY KARANIWAN DIN ANG MASAYANG KUWENTUHAN SA TINDAHAN NI ALING MENANG.
NAGBABAGO NA ANG PANAHON. MARAMING TAO ANG NANGANGAILANGAN NG PAGKAIN SUBALI'T PAUNTI ANG ISDANG NAHUHULI. DARATING ANG ARAW PAG-AAWAYAN NG TAO ANG KAUNTING ISDANG MAHUHULI.


ITONG BARYO NATIN AY TILA PAPALUBOG SA KAWALAN. BAKIT NGA HINDI, ANG MGA TAO, ANG PALAGING INIISIP AY ANG MADALIANG PAGKITA. TINGNAN NINYO ANG GINAGAWA NIYANG MGA MANGINGISDANG GUMAGAMIT NG DINAMITA. SINISIRA NILA ANG LIKAS NA DALOY AT TIMBANG NG BUHAY SA KARAGATAN.
AT KAILAN PA KAYO NAGKAROON NG MALASAKIT SA... ANO 'YON, LIKAS NA DALOY AT TIMBANG NA BUHAY SA KARAGATAN? ANO 'YON?
ANG PAMANGKIN KONG SI DEMETRIO NATATANDAAN NINYO? NAGTATRABAHO SIYA SA BUREAU OF FISHERIES NGAYON. NABANGGIT NIYA SA AKIN MINSAN ANG KANYANG NAPUPUNA SA ATING BARYO. MINSAN AY IPAKAKAUSAP KO SIYA SA INYO.
HOY, OSCAR, MUKHANG MALUNGKOT KA. NAPAKAGANDA NG ARAW PERO TIGNAN MO ANG MUKHA MO. PARANG HINDI INAABOT NG SIKAT NG ARAW.
O, KA MULONG. HAY, NAKU, PROBLEMA. ALAM MO BANG MAGIGING TATLO NA ANG ANAK KO?
PROBLEMA BA 'YAN? DAPAT KA PANGANG MAGDIWANG. BINABATI KITA.
OO. ALAM MO NAMANG ANG KINIKITA KO AY SAPAT LAMANG SA PAGKAIN. AYOS LANG KUNG MADAGDAGAN ANG PAMILYA KO PERO HINDI NGAYONG ANG KALOOB NG DAGAT AY HINDI SAPAT.
3



INIISIP KO'NG HUMANAP NG IBANG TRABAHO. PERO PAANO? KUNG MERON MANG OPORTUNIDAD DITO HINDI NAMAN AKO MATATANGGAP DAHIL MABABA ANG AKING PINAG-ARALAN.
SABAGAY TAMA KA. MAY KILALA NGA AKO NA MAY MATAAS NA EDUKASYONG NAABOT PERO WALANG MAPASUKANG TRABAHO, DAHIL KULANG NG OPORTUNIDAD. IYAN AY KABALINTUNAAN.
BAKIT DI KA GUMAMIT NG DINAMITA? SIGURO NAMAN KAHIT PAPAANO AY MAKAGAGAAN SA IYO, TULAD KO, TULAD NG IBA.
INIISIP KO NGA, PERO...
WALA NANG PERU-PERO PA. LABAG NGA ITO SA BATAS, SUBALI'T KARANIWAN NAMAN AY IYAN ANG GINAGAMIT NA PAMAMARAAN DITO.
OO NGA. MARAMING MANGINGISDA ANG BUMALING SA PAGGAMIT NITO, PERO KATWIRAN BA 'YAN?
HINDI NGA, NGUNI'T ANG KAGUTUMAN AY MALAKING DAHILAN
PAGDATING SA BAHAY AY SINALUBONG SI OSCAR NG DALAWANG ANAK.
NARITO NA ANG ITAY!
NAKAHANDA NA ANG HAPUNAN.
4



ANG MGA ANAK KO... KAUNTING PANAHON NA LANG AT TATLO NA SILANG MANGANGAILANGAN NG KALINGA. SANA'Y MABIGYAN NAMIN SILA NG MAAYOS NA BUHAY. KAWAWA SILA.
ISANG ARAW AY NAPADAAN SI OSCAR SA HARAP NG TINDAHAN NI ALING MENANG.
DAAN MUNA, OCA!
MUKHANG MAY KATUWAAN KAYO A, TINO. ANO BA'NG OKASYON?
WALA NAMAN. A, MERON NGA PALA. MAY BISITA TAYO. KILALA MO NAMAN SIGURO SI 'CHIEF.'
A, OO.


ALAM MO, OCA, KAILANGAN NATING MAGPAINOM UPANG HINDI NILA TAYO HULIHIN SA PAGGAMIT NG DINAMITA O ANO MANG URI NG PAMPASABOG SA PANGINGISDA. KAILANGANG KAIBIGANIN NATIN SILA.
A, GANOON PALA.
SUBALI'T NABIGLA SI OSCAR NG MAGSALITA SI TINO AT SABIHING..
MAGANDANG PAGKAKATAON PARA KAY OCA. A, 'CHIEF' MAY REGALO DAW HO SA INYO SI OCA. MAGANDANG HULI, MGA LAPU-LAPU.
PERO TINO, NAHULI KO ITO SA PAMAMAGITAN NG BINGWIT. AT HINDI AKO GUMAGAMIT NG DINAMITA KAYA'T HINDI KO...
PINUTOL KAAGAD NI TINO ANG SINASABI NI OSCAR.
BALANG ARAW AY GAGAMIT KA RIN NG DINAMITA.
SUMUNOD NA LAMANG SI OSCAR AT...
SIGE NA NGA.
HETO, TSIP. REGALO NAMIN SA INYO.
6




SALAMAT, OCA. KUNG MAY PROBLEMA KA, LUMAPIT KA SA AKIN.
SALAMAT DIN HO.
KITA MO NA. MAAASAHAN MO SIYA, OCA.
AY, ITONG MGA TAONG ITO. PINALALAYAW NG SOBRA ANG MGA TAONG DAPAT MANGALAGA NG BATAS.
NAKIUMPOK NA RIN SI OSCAR, NAKIINOM, AT NAKINIG SA PAG-UUSAP.
ALAM N'YO BA NA NOONG ISANG GABI, AY MAY ISANG MANGINGISDANG TAGA-BARYO NA KATABI NG SAN PASCUAL NA NABARIL NG 'COAST GUARD? NAHULI YATANG GUMAGAMIT NG DINAMITA.
TSK! KAWAWA SIYA.



NAPATAY BA?
HINDI. TINAMAAN LANG SA KALIWANG BINTI. ANG SABI NG DOKTOR SA OSPITAL AY KAILANGAN DAW PUTULIN ITO.
ANG MALAS NAMAN. PAGKAGALING SA OSPITAL AY DERETSO NAMAN SA BILANGGUAN.
KAHIT NA MAKULONG SIYA NG ISA O DALAWANG ARAW, WALA RING KASONG MAISASAMPA LABAN SA KANYA. PAGKAKAALAM KO AY MAYROON DAW NINONG NA MATAAS ANG KATUNGKULAN SA GOBYERNO ANG TUMUTULONG DITO.
ALAGAD DIN AKO NG BATAS SUBALI'T AKO AY NAAAWA SA MGA ANAK NG MGA MANGINGISDANG NAHUHULI KO. PAANO NA LANG ANG MANGYAYARI SA MGA BATA KUNG AARESTUHIN KO ANG KANILANG AMA?
MAAARING MALI KAMI SA PUNTONG ITO, SUBALI'T BUKAS ANG AKING ISIPAN SA ANO MANG MAPAGKAKASUNDUAN. AT TAMA NAMAN ANG IBANG PULIS SA PAGSUNOD SA TUNGKULIN, LAMANG AY IBA-IBA RIN ANG AMING PANINIWALA. ANG SA AKIN AY GANITO: ANO'T NAGING MAGKABABARYO PA TAYO KUNG HINDI RIN LANG TAYO MAGTUTULUNGAN?


SA PAGLIPAS NG MGA ARAW, ANG DAMDAMIN NI OSCAR AY NAHALINTULAD SA ISANG DIGMA - ANG URONG-SULONG. ITO AY NAHATI SA PAGITAN NG KANYANG TUNGKULIN BILANG PADRE DE PAMILYA AT ANG KANYANG PAGBABANTULOT...
UPANG SUBUKAN ANG MAS MADALING PARAAN NG PAGKITA: ANG PAGGAMIT NG DINAMITA.
UNANG-UNA, ITO'Y LABAG SA BATAS. SUBALI'T SA KANYANG PAG-AANALISA, NAISIP NIYANG MADALI NAMANG MAGSUHOL SA MAYKAPANGYARIHAN, KUNG TUTUUSIN AY PANGKARANIWAN NANG GAWI ITO NG MGA TAGA-BARYO AT MUKHA NAMANG WALANG PELIGRO, KATWIRAN PA NIYA SA SARILI.
TINURUAN PA NGA SIYANG GUMAWA NI KA MULONG NG PAMPASABOG UPANG HINDI NA SIYA BUMILI NG DINAMITA.
NGUNI'T SA KAHULI-HULIHAN, ANG TANONG PA RIN NIYA SA SARILI'Y: MALAKAS BA ANG LOOB NIYA?
9




MINSAN AY NAGKASABAY SI OSCAR AT KA MULONG SA PAGPALAOT.
KUMUSTA BA ANG HULI, OSCAR?
MAS MAIGI, MALAPIT NA ANG PANAHON NG PAGDAMI NG ISDA SA LAOT. KAILANGANG MAKARAMI.
GUMAMIT KA NA NG DINAMITA. ITO ANG TAMANG PANAHON. SAMANTALAHIN MO.
A.. TITINGNAN KO.
HUWAG KANG MATAKOT. ANG DALI NAMANG SUHULAN ANG MGA PULIS, A.
SA GITNA NG DAGAT..
MAGHIWALAY NA TAYO, KA MULONG. DOON AKO GAGAWI SA KALIWANG BAHAGI.
Luzviminda
O SIGE, OCA, DITO NAMAN KAMI


INGAT KAYO SA COAST GUARDS, KA MULONG. SA GAWING IYAN KO SILA MADALAS MAMATAAN.
HUWAG KANG MAGALALA. HINDI MO BA ALAM KUNG TUMAKBO 'YONG LANTSA NILA, E PARANG PAGONG SA DAGAT? HA-HA-HA!
NORMA
MABILIS NA SUMIBAT PALAYO ANG BANGKANG-DE-MOTOR NI KA MULONG. NAIWAN SI OSCAR NA NAPAPAILING.
ITONG SI KA MULONG, HANGA AKO SA LAKAS NG LOOB.
MADALING NAKARATING SINA KA MULONG SA KANILANG DESTINASYON.
BENNY, IABOT MO SA AKIN ANG DINAMITA. BILISAN NATIN. IHANDA NA RIN ANG LAMBAT.
OO, TIYO MULONG.
NAILULAN NA NILA ANG IKALAWANG BUNTON NG MGA ISDA NANG MAY MAPANSIN SI BENNY.
TIYONG, MAY PATROL BOAT NA DUMARATING!


NAKITA TAYO! B'WISIT! BAKIT DI MO NAPANSIN KANINA?
AARESTUHIN TAYO! ANO'NG GAGAWIN NATIN?
DALI! IHULOG NATING LAHAT ANG MGA ISDA! PALAPIT NA SILA.. BILIS! IHULOG DIN ANG LAMBAT!
NASAYANG LAHAT ANG PAGOD NATIN.
WALA NANG REKLAMO!
DAHAN-DAHANG HUMINTO ANG PATROL BOAT' SA TAPAT NG BANGKA.
WALA PA KAYONG NAHUHULI?
WALA PA HO, SIR.
MAY NARINIG KAMING PAGSABOG SA GAWI RITO.
PARANG DINAMITA.
A.. E.. EWAN KO HO, SIR.


KUNG GAYO'Y WALA KAMING NAKIKITANG DAHILAN PARA ABALAHIN KAYO KAYA'T SIGE NA.
SALAMAT HO.
MALAS! KAILANGANG MABALIK SA ATIN IYONG MGA NATAPONG ISDA!
HETO, MAY NAITAGO AKONG DINAMITA. MABUTI NA LANG AT HINDI NILA SINIYASAT ANG BANGKA AT HINDI KO INALIS ANG PAGKAKASABIT NG BANGKA SA GILID.
AT PINANOOD NA LAMANG NI BENNY ANG KANYANG TIYO MULONG SA PAGHAHAGIS NG DINAMITA SA HULING PAGKAKATAON.
VAROOM!
SAMANTALA, NAGHAHANDA NAMAN SINA OSCAR SA PAG-UWI.
TAMA NA ITO PARA NGAYON. UUWI NA TAYO PAGKATAPOS NITO.
13


TUMATAKBO NA ANG MOTOR NG BANGKA NINA OSCAR NG MASALUBONG NILA ANG 'PATROL BOAT' DING IYON NA LUMILIBOT SA BAYBAYIN.
HINTO!
HUWAG KANG MAG-ALALA, PIDYO. HINDI NAMAN TAYO GUMAGAMIT NG DINAMITA KAYA'T HINDI NILA TAYO HUHULIHIN.
HABANG PALAPIT ANG PATROL BOAT KINA OSCAR AY NAGSALITA ANG SAKAY NITO.
KUMUSTA ANG HULI?
TAMA LANG SIR. PAUWI NA NGA HO KAMI.
SIGURADO BANG HINDI KAYO GUMAGAMIT NG DINAMITA?
HINDI HO, SIR. P'WEDE N'YONG SIYASATIN ANG BANGKA PATI ANG MGA ISDA. WALA NI ISA MAN DITO ANG MAY PUTOK NA LAMAN SA LIKOD, AT WALA KAYONG MAKIKITANG ANOMANG PAMPASABOG.
14


BABABA AKO AT MAGSISIYASAT.
BUMABA SA BANGKA ANG MAYKAPANGYARIHAN.
NORMA
NATAPOS ANG PAGSISIYASAT. HABANG MABILIS NA PALAYO ANG 'PATROL BOAT'...
NAHULI KAYA SINA KA MULONG? MUKHANG SA GAWI NILA GALING 'YONG 'PATROL'. HINDI NAMAN SANA...
NANG BANDANG HAPON, NAGMAMADALI SI NORMA SA PAGTUNGO SA APLAYA UPANG SALUBUNGIN ANG MGA ISDANG DALA NINA OSCAR.
SANA'Y MARAMING HULI NGAYON, PARA MARAMI RIN AKONG MAIBENTA.
ANO 'YON?
HALOS TUMAKBO SI NORMA UPANG MAKALAPIT AT NAGTANONG SA NAKASALUBONG
ALING MARING, ANO HO IYONG PINAGKAKAGULUHAN SA APLAYA?
DIYOS KONG MAHABAGIN! SI KA MULONG








SA KANYANG PAGHAHANAP AY HINDI NIYA NAPANSIN NA SIYA AY NAPAGAWI SA KINAROROONAN NINA KA-MULONG AT MGA KASAMANG UMAALALAY DITO. TILA NAWALAN NG LAMAN ANG ISIP NI NORMA NG SANDALING IYON.








HUH. OSCAR!
HINAHANAP KITA. NAG-AALALA KA-SI AKO.
NAKITA MO BA ANG NANGYARI KAY KA MULONG?
AYON KAY BENNY, MAY PATROL BOAT DAW NA DUMATING. UPANG HINDI SILA MAARESTO, ITINAPON NILA ANG LAHAT NG ISDA PABA-LIK SA DAGAT UPANG WALANG EBIDENSIYA LABAN SA KANILA.
SUMALI RIN SA USAPAN ANG ISANG BINATILYONG HINDI NAKATIIS.
NARINIG KONG SABI NI BENNY AY NAKA-PAGTAGO RAW SI KA MULONG NG DINAMITA AT SI-YANG GINAMIT.
PEACE TO FISH
ANG KASO BAGO RAW NAIHAGIS SA MALAYO AY SUMABOG NA ITO AT NAHAGIP NGA ANG KANANG BRASO NI KA MULONG.



KAWAWA NAMAN SIYA. SANA'Y HINDI NANGYARI ITO.
NAKAIWAS NGA SIYA SA AUTORIDAD, HINDI NAMAN SIYA NAKAIWAS SA DINAMITA. TINGNAN MO NGA NAMAN, DAHIL SA DINAMITA, HINDI NA SIYA MAKAPANGINGISDA. AT HINDI NA RIN SIYA MAKAGAGAMIT NITO, DAHIL TIYAK NA PUPUTULIN ANG BRASO NIYA.
NANG MGA SUMUNOD NA ARAW MATAPOS ANG AKSIDENTE, ANG BARYO SAN PASCUAL AY MISTULANG NALIGAW DAHIL SA PANGYAYARI.
IYAN ANG SINASABI KO. HINDI MO ALAM KUNG ANO ANG MANGYAYARI. DELIKADO TALAGA 'YANG DINAMITA KAYA'T HINDI GUMAGAMIT ANG ASAWA KO NIYAN.
PERO ANG NANGYARI KAY KA MULONG AY ISANG AKSIDENTE.
AY, DAPAT MONG MALAMAN, KE AKSIDENTE O HINDI, DELIKADO PA RIN AT LABAG PA SA BATAS.
HINDI NAMAN NANGYAYARI ITO ARAW-ARAW.
KAILANGAN PA BA NATING HINTAYING DUMATING ANG PANAHONG ANG LAHAT NG MANGINGISDA RITO AY MAPUTOL ANG BRASO?
18



TEKA, HINDI BA'T ANG ASAWA MO AY GUMAGAMIT DIN NG DINAMITA? KAYA PALA NANGANGATWIRAN KA NG GANYAN.
WALA KA NG PAKIALAM DOON.
AY, E TALAGANG WALA AKONG PAKIALAM SA INYO.
TALAGANG WALA AT TUMIGIL KA NA!
MAGSUSUNGGABAN NA SANA ANG DALAWANG BABAE NANG MAY MAGSALITA.
ITIGIL N'YO YAN!
SIYA E.
IKAW NGA DIYAN, ABA.
TUMIGIL NA KAYO, P'WEDE ?
19


SIGE, MAGKAMAY KAYO AT MAGBATI NA. AT PAGKATAPOS AY...
LUMAPIT KAYONG LAHAT DITO AT MAY PAG-UUSAPAN TAYO.
WOW, PARE, SI MISTER BARANGAY AY MAGSASALITA. TUNGKOL KAYA SAAN?
ANO PA? DI PULITIKA. PARANG HINDI MO KILALA ANG MGA PULITIKO.
TINIPON KO KAYO SAPAGKA'T ANG NANGYARI KAY KA MULONG AY UMABOT SA KAALAMAN NG ATING ALKALDE. ISINUGO NIYA AKO NGAYON SAPAGKA'T HINDI NIYA GUSTONG ISIPIN NINYO NA PINAPAYAGAN NIYA ANG MGA LABAG SA BATAS NA GAWAIN NG MGA MANGINGISDA DITO SA ATIN.
UPS! NAKITA N'YO NA. TULAD NG SINABI KO..


HOY! TUMIGIL NGA KAYO NG KALOKOHAN 'N'YO.
BAKIT HINDI SI MAYOR ANG PUMUNTA RITO?
BAKIT PA? P'WEDE NAMAN NIYANG UTUSAN SI 'CHAIRMAN.
UPANG MAHINTO ANG MGA GANITONG GAWAIN AT MAPIGILAN ANG ANUMANG AKSIDENTE NA POSIBLENG MANGYARI, MAY SUHESTIYON SI MAYOR NA MAGTALAGA NG MGA PULIS NA MAGBABANTAY DITO SA BARRIO. ITO AY PARA DIN SA ATING PROTEKSIYON. IYAN LAMANG.
ANG MAIKLING PAGSASALITA NG BARANGAY CHAIRMAN AY LUMIKHA NG IBA'T-IBANG REAKSIYON MULA SA MGA TAGA-BARYO.
MAGUGUTOM TAYO.
21


HUWAG KAYONG MAG-ALALA. BAH! E IYANG ATING BARANGAY CHAIRMAN AY GUMAGAMIT DIN NAMAN NG DINAMITA, A. LIHIM 'YAN, HA? H'WAG KAYONG MAINGAY.
HA-HA-HA!
P'WEDE BANG SUMALI SA PAG-UUSAP NINYO?
HINDI BA'T IKAW SI DEMETRIO? 'YONG PAMANGKIN NI ALING MENANG?
AKO NGA
NABALITAAN KO 'YONG AKSIDENTE NI KA MULONG. PINAPUPUNTA AKO NI NANA MENANG NOON PA. PERO NAISIP KONG NGAYON ANG MAGANDANG PAGKAKATAON.
BAKIT?


UPANG MAIPAABOT KO NAMAN SA INYO ANG MGA KAALAMANG NAUUKOL SA DAGAT. ANG INYONG KABUHAYAN AY NAKASALALAY SA YAMAN NG DAGAT KAYA'T MAGANDA RIN NAMAN NA PAG-USAPAN ITO.
ALAM NINYO AKO NGAYON AY NAGTATRABAHO SA BUREAU OF FISHERIES' AT AKO'Y NAMULAT SA MGA KATOTOHANAN NA NOON AY IDEYA AT KAALAMAN LANG SA AKIN.
ANO ANG KINALAMAN NIYAN SA AMIN?
"MARAMI. NAKATIRA KAYO AT NABUBUHAY SA ISANG BAYBAYIN. NANGANGAHULUGAN NA ANG IKINABUBUHAY NINYO AY NANGGAGALING SA KALOOB NG DAGAT. DUMATING ANG PANAHONG ANG PAGDAMI NG TAO AY NAGING NAPAKABILIS."
SUBALI'T HINDI IYAN ANG PUNTO. ANG PUNTO AY SAPAGKA'T MAS MARAMING TAO ANG NANGANGAILANGAN NG PAGKAIN, NAGHAHANAP TAYO NG MAS MADALING PARAAN UPANG ITO'Y MAKAMIT NANG HINDI NATIN INIISIP ANG MAGIGING BUNGA NITO.
SA PALAGAY KO'Y ALAM KO NA ANG TINUTUKOY MO
TIK!
ANO?
23


TUNGKOL SA PAG-GAMIT NG DINAMITA.
NAUUNAWAAN KO ANG DAHILAN KUNG BAKIT NAPIPILITANG GUMAMIT NITO ANG MANGINGISDA. ANG MASASABI KO LANG, DAPAT DIN NATING MAINTINDIHAN ANG IBUBUNGA NITO. TAYO RIN NAMAN ANG UNANG-UNANG MAAAPEKTUHAN NITO.
HALIKA NORMA AT MUKHANG MAY MAHALAGA SILANG PINAG-UUSAPAN.
"PAKSAIN NATIN ANG TUNGKOL SA DINAMITA. ITO ANG INYONG PAKSA KANINA. MARAMI ANG HINDI NAKAKAALAM NA ANG DINAMITA AY NAKASISIRA NG MGA 'CORALS' O HALAMANG BATO.
BOOM!
"NGUNI'T HINDI NAMAN SINASADYA, DEMETRIO."
"PERO NASISIRA DIN. MAHALAGA ANG 'CORALS' SA BUHAY NG MGA ISDA."
"SILA ANG KANLUNGAN NG ISDA LALO'T SILA'Y NANGINGITLOG. KUNG ANG TAHANAN AY SA TAO, ANG 'CORALS' AY SA ISDA. ITO ANG PANANGGALANG NG MALILIIT NA ISDA LABAN SA MANINILA NG DAGAT. KINAKAIN DIN ITO NG ISDA PAGKAT SA KATOTOHANAN ITO AY MALILIIT NA URI NG HAYOP NA NABUBUHAY NG SAMA-SAMA, PARANG PAMAYANAN, LUMALAKI AT NAGIGING PARANG BAHAY O 'SHELL'."


NGAYON KO LANG NALAMAN IYAN, A.
ANG IBIG MONG SABIHIN AY MAY NASISIRA BILANG EPEKTO SA PAGGAMIT NG DINAMITA PAGKA'T PINAPATAY NITO ANG MALILIIT NA HAYOP TULAD NG 'CORALS' NA NAGSISILBING PAGKAIN AT KANLUNGAN NG MGA ISDA. PATI MGA BAGONG SEMILYA AY NANGAMAMATAY DIN.
TUMPAK MANG OSCAR. ITONG MGA BAGONG SEMILYANG ITO AY HINDI NA MAGKAKAROON NG PAGKAKATAONG LUMAKI AT MAGPARAMI. SIGURO NAMAN AY NAPAPANSIN N'YO NA PAPAUNTI ANG INYONG HULI.
NGAYON AY ALAM KO NA. LALONG HINDI AKO GAGAMIT NG DINAMITA.
NGAYON AY NAUUNAWAAN N'YO NA KUNG BAKIT MAHALAGA ANG 'CORALS'. KAILANGAN NATIN NG ISDA BILANG PAGKAIN, AT KAILANGAN DIN NG MALALAKI AT MALILIIT NA ISDA ANG 'CORALS' BILANG PAGKAIN, AT BILANG TAHANAN O KANLUNGAN. ITO AY ISANG NATURAL AT TIMBANG NA DALOY NG BUHAY SA DAGAT.
MARAMI KAMING NATUTUNAN, DEMETRIO.
MABUTI NAMAN, MANG OSCAR.
NASA SA ATIN NA ANG PASYA NGAYON.
ANG PASYA AY NAIWAN SA MGA TAGA-BARYO SAN PASCUAL. SILA AY MATIIM NA NAKATINGIN SA KASALUKUYANG KALAGAYAN. ANG MALINAW AY ITO: ANG MAGANDANG PANGAKO MULA SA DAGAT AY NAKASALALAY SA KANILANG MGA KAMAY.
WAKAS

# ANG UGNAYAN NG BUHAY SA DAGAT

